Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 14-04**
**May-akda: Kag. Mario C. Amante**
**Mga Isponsor: Kag. Lamberto M. Carampot**
**Kag. Gary A. Grepo**
**Kag. Florencio D. Ayos**
**Kag. Walter C. Martinez**
**Kag. Kerby J. Salazar**
**Kag. Christopher N. Custodio**
**Kag. Richard R. Parin**
**Kag. Jonas Glyn P. Labuguen**

**KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGPAPAIRAL NG MORATORYUM SA PAGBIBIGAY NG BAGONG PRANKISA NG TRAYSIKEL SA BAYAN NG GEN. TRIAS.**

**SAPAGKAT, itinatadhana ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, Seksyon 447 (3) (vi) "Sa ilalim ng mga patnubay na itinakda ng Kagawaran sa Sasakyan at Komunikasyon, pamamahalaan ang pagpapatakbo ng mga traysikel at magbibigay ng mga prankisa para sa pagpapatakbo nito sa nalooban ng teritoryong hurisdiksyon ng bayan";**

**SAPAGKAT, lubhang napakarami na ang bilang ng mga traysikel na bumibiyahe na nagiging sanhi na ng pagsisikip ng trapiko sa mga pangunahing kalsada sa bayan ng General Trias kung kaya't may ipinaiiral na moratoryum sa prankisa ng traysikel;**

**SAPAGKAT, ayon sa kahilingan ng mga Pangulo ng iba't ibang samahan ng mga may-ari at drayber ng traysikel sa bayan ng General Trias (TODA) ay muling buksan ang ipinaiiral na moratoryum ng traysikel upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kolorum na linya ng traysikel na maging legal at maayos na makapag-hanapbuhay;**

**SAPAGKAT, sa bisa ng Kautusang Pambayan Bilang 13-13, ipinairal sa bayan ng General Trias ang muling magkaloob ng prankisa ng traysikel mula ika-01 ng Enero hanggang ika-28 ng Pebrero 2014;**

**SAPAGKAT, natapos na ang ibinigay na panahon sa pagkakaloob ng prankisa ng traysikel sa bayan ng General Trias;**

**DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Mario C. Amante na pinangalawahan nina Kag. Lamberto M. Carampot, Kag. Gary A. Grepo, Kag. Florencio D. Ayos, Kag. Walter C. Martinez, Kag. Kerby J. Salazar, Kag. Christopher N. Custodio, Kag. Richard R. Parin at Kag. Jonas Glyn P. Labuguen, na**

**PAGTIBAYIN, AT DAPAT PAGTIBAYIN ang isang Kautusang Pambayan na muling nagpapairal ng moratoryum sa pagbibigay ng bagong prankisa ng traysikel sa bayan ng General Trias na mababasa tulad ng mga sumusunod:**

**I. TITULO. - Kautusang Pambayan na Muling Nagpapairal ng Moratoryum sa Pagbibigay ng Prankisa ng Traysikel sa Bayan ng General Trias.**

**II. LAYUNIN. - Ang pagpapairal ng moratoriyum sa pagbibigay ng bagong prankisa ng traysikel ay isang mekanismo o paraan upang ang**

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.**

RICHARD R. PARIN
Kagawad

WALTER C. MARTINEZ
Kagawad

LAMBERTO M. CARAMPOT
Kagawad

CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad

KERBY J. SALAZAR
Kagawad

GARY A. GREPO
Pangulo, LNB

FLORENCIO D. AYOS
Kagawad

JONAS GLYN P. LABUGUEN
Kagawad

MARIO C. AMANTE
Kagawad

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN



**KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGPAPAIRAL NG MORATORYUM SA PAGBIBIGAY NG BAGONG PRANKISA NG TRAYSIKEL SA BAYAN NG GEN. TRIAS.**

Pamahalaang Bayan ay magkaroon ng kontrol sa dumaraming bilang ng mga traysikel sa bayan ng General Trias.

III. SAKLAW AT REGULASYON NG KAUTUSAN. – Muling ipinaiiral sa pamamagitan ng Kautusang Pambayan na ito ang moratoryum sa pagkakaloob ng prankisa ng traysikel mula sa araw ng pagpapatibay nito hanggang dumating muli ang pagkakataong kinakailangang muling buksan ito.

IV. KAHULUGAN NG TERMINO. –

1. Moratoryum – pansamantalang pagpapatigil sa pina-iiral na kautusan.
2. Traysikel – sasakyang pampasahero.

V. PAGKAKABISA. - Ang Kautusang Pambayang ito ay magkakabisa pagkatapos pagtibayin ng Konseho.

PINAGTIBAY sa ilalim ng HULI/IKATLONG PAGBASA noong IKA-21 NG ABRIL 2014.

| | | |
|---|---|---|
| KERBY J. SALAZAR<br>Kagawad | CHRISTOPHER N. CUSTODIO<br>Kagawad | LAMBERTO M.CARAMPOT<br>Kagawad |
| WALTER C. MARTINEZ<br>Kagawad | RICHARD R. PARIN<br>Kagawad | MARIO C. AMANTE<br>Kagawad |
| JONAS GLYN P. LABUGUEN<br>Kagawad | FLORENCIO D. AYOS<br>Kagawad | GARY A. GREPO<br>Pangulo, LNB |

PINATUNAYANG WASTO:

WENCESLAO P. CAMINGAY
Kalihim

PINATOTOHANAN:

MAURITO C. SISON
Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ANTONIO A. FERRER
Punong Bayan

wpc